

PROLOGUE

Parang pinagsakluban ng langit at lupa si Felicity sa narinig. Gusto niyang sumigaw nang malakas ngunit tila naumid ang dila niya. Tumingin siya kay Drey, siguro’y doble pa sa nararamdaman niya ang pakiramdam nito nang mga sandaling iyon.

She knew how much he loved their unborn baby. At ngayon ay hindi na nila masisilayan ang munti nilang anghel kahit na kailan.

Sinuntok nito ang pader at naihilamos ang kamay sa mukha. Lumabas ang doktor pagkatapos tapikin sa balikat si Drey at sabihing, “I’m sorry, Mr. Hinares.”

“Drey?” tanging nasambit niya.

Tumingin ito sa kanya na puno ng poot. “You happy now?”

“What?” Bumagsak ang mga balikat ni Felicity sa narinig.

“Don’t give me that crap, Felicity. Hindi ba ito ang gusto mo, para di ka na matali sa kasal na ito? Para magawa mo muling magbuhay-dalaga at balikan ang boyfriend mo?”

“That’s not true, Drey.” She could not believe na maririnig niya sa asawa ang mga salitang iyon.

“Sinadya mong tumakbo para mawala ang tanging nag-uugnay sa ating dalawa.”

Umiling-iling siya, hindi matanggap ang mga akusasyon ng lalaking pinakamamahal. And God knows how she loved their baby, too. “Drey, hindi totoo ’yan. Mahal ko ang baby natin at hindi totoong gusto ko siyang mawala. How can you say that?”

“Talaga?” Lalong naging mabalasik ang anyo nito. “Dinig na dinig ko kayo ng kalaguyo mo na sasama ka sa kanya. There was only one way para payagan kong mangyari ’yun, and you succeeded, Felicity. Hindi ko matanggap ang ginawa mong ’to dahil lamang sa pansarili mong kapakanan.”

“That’s not true, nagkakamali ka ng iniisip, wala akong balak sumama kay Gary...”

Umiling-iling ito. “Huling-huli ka na ay nagdeny ka pa. You’re cruel as ever, Felicity, akala ko pa man din ay nagbago ka na. Pero malaya ka na, sumama ka na sa nobyo mo dahil wala nang nag-uugnay pa sa atin.” Puno ng galit ang mga mata nito.

“Tinawagan ko si Keanna dahil kailangan ko ng makakausap. At kaya ako sinundan ni Gary ay dahil

nag-taxi lang ako pagkatapos ko kayong mahuling magkasama ni Sam sa mall.”

Nagsalubong ang mga kilay nito, halatang nayamot. “What? Dahil sa nakita mo kami ni Sam ay nag-isip ka na agad ng masama?”

“Ano’ng iisipin ko, Drey? You’ve been gone three days. And with Sam no less! Akala ko ay nasa Cebu ka. ’Tapos bigla ko kayong makikitang magkasama sa mall.”

“That only proves na wala kang tiwala sa akin at dahil d’un ay nawala ang baby natin. You are selfish, Felicity.”

“I didn’t mean for anything to happen, Drey, believe me...”

“Kahit sinadya mo pa o hindi, tapos na, wala na ang baby natin. Palalayain na kita, Felicity. Siguro matagal ko na dapat ’yung ginawa. I will file for an annulment.”

Parang binibiyak ang puso niya sa naririnig. He had no idea kung gaano siya nito sinasaktan.

Bakit ngayon pa? Bakit ngayon pa na hindi na niya kayang mabuhay nang wala ito?

“No, Drey, I won’t allow that—”

“Hindi ko na kayang makisama pa sa taong pumatay sa anak ko.”

“Hindi ko siya pinatay, Drey. Anak ko rin siya. I love him, he’s my baby, limang buwan ko siyang dinala sa sinapupunan ko. Ako ang ina at kung di man higit, kapantay lang ng pagmamahal mo ang pagmamahal ko sa kanya. I don’t want an annulment, hindi ko ’yun pipirmahan.”

“Bahala ka kung ayaw mo iyong pirmahan, pero hindi ko na kayang makisama pa sa ’yo pagkatapos ng nangyaring ito. Sam and I are going to Australia, matutuloy na ang expansion ng kompanya at isa ako sa mga mamamahala ng branch doon. The annulment papers will be in your hand three days from now.”

“So you’re going with Sam...” Pinilit niyang bumangon pero biglang sumakit ang ulo niya at kumirot ang kanyang tiyan, namilipit siya sa sakit.

Sa kabila ng galit ay dinaluhan naman siya agad nito. Hinawakan niya ito sa kamay. “Drey, believe me, hindi ko intensyong mawala ang baby natin,” pagmamakaawa niya. Dinala niya sa dibdib ang mga kamay nito.

Tinabig nito ang kamay niya at bahagyang lumayo. “Intensyon mo man o hindi, Felicity, wala

na siya at wala nang rason para ipagpatuloy pa ang pagsasamang ito.”

“You told me you loved me, Drey...” She just hoped kahit gahibla ay may natitira pa itong damdamin sa kanya bukod sa galit. She was ready to go through hell para lang isalba ang kanilang relasyon.

Pero tuluyan siyang nanlumo nang umiling ito.

“Kasamang nawala ng anak natin ang anumang damdamin ko para sa 'yo, Felicity.”

Sa puntong iyon ay dumating ang mommy niya. “Mommy...” Umiiyak na yumakap siya sa ina.

“What happened, Baby?”

“I lost him, Mom...” Sa mga bisig ng ina niya ibinuhos ang hinanakit. *I've lost them...*

Dahil pati si Drey ay nawala na rin sa kanya.

“Oh, my poor girl...” Umiiyak din na niyakap siya ng ina.

“Drey.” Lumapit dito ang mommy niya matapos siyang aluin. “I'm sorry, Hijo.”

Tumango lamang ito. “I'm filing for an annulment, Tita.”

“Drey, Hijo, baka puwedeng mag-usap muna kayong mag-asawa.”

Sumabat si Felicity, nagpakita ng kawalang-emosyon. “Nagkasundo na kami, Mom. Wala na pong rason para ipagpatuloy ang pagsasama namin.”

Nang dumako ang tingin niya kay Drey ay naniningkit ang mga mata nitong nakatunghay sa kanya.

“Pero—”

“I want to go home, Mom. Kayo na lang talaga ang hinihintay ko. Na-clear na kami ng ospital.”

“Okay, Baby, ipapahanda ko ang kotse.”

“I want to go back to Manila.”

Tumango na lamang ang mommy niya.

“Lalabas muna ako, Tita,” narinig niyang paalam ni Drey.

Ang kanyang si Drey.

Before this week was over, he would no longer be hers.

Paano pa siya magpapatuloy kung wala na ito sa tabi niya? Ngayon pang natutunan na niya at nasanay

You Were Meant For Me - Christine Acance

na siya sa mga bagay na hindi niya noon ginagawa. Dahil dito, naging matuwid ang mithiin niya sa buhay.

Pero ngayon, nakatak dang mapawalang-bisa ang kanilang kasal. Hindi na niya masisilayan ang mukha nito paggising niya sa umaga.

1

Nagsalubong ang mga kilay ni Felicity nang makita ang bago nilang kapitbahay na si Drey. Naglalaro ito ng *PlayStation* kasama ng Kuya Mike niya sa sala ng bahay nila.

Paanong hindi siya magagalit, napakaingay ng mga ito at hindi pa niya nakakalimutan ang naging engkuwentro nila ng nag-iisang anak ng direktor ng bagong hospital sa bayan. Muntik nang mahagip ng minamaneho nitong *Lancer* ang bisekleta niya. Hindi porke guwapo ang mestisuhing kapitbahay ay basta na lamang niya mapapalampas ang ginawa nito. Tinalakan niya ito, sinabihan ba naman siyang tanga dahil haharang-harang daw siya sa daan.

Sa galit niya ay tinadyakan niya ang likurang bahagi ng kotse nito na bahagyang nagasgasan. Galit na galit ito pero sumakay na siya sa bike niya at tatawa-tawa itong iniwan na nanggagalaiti sa galit.

“Hey, nandito na pala ang makulit kong kapatid.”

“Bakit hindi mo ako hinintay?” tanong niya with matching padyak nang makita kung ano ang nilalaro ng mga ito. “I was supposed to finish that,” akusa

niya.

Hindi pinansin ng kapatid ang sinabi niya. “Akala mo hindi ko alam ang ginawa mong pagtadyak sa kotse ni Drey?”

Humalukipkip siya. “So sinabi na pala nitong sumbungero na ito. Did he also tell you na sinabihan niya akong tanga?”

“Nasa gitna ka ng kalsada. Hindi ba matatawag na katangahan iyon, ha, Felicity? Alam mo na sa tabi ka lang dapat dumaan, buti na lang hindi ka nahagip ng ibang motorista.” Ang magaling niyang kapatid, nagawa siyang sermunan sa harap ng ibang tao at sa harap pa ng taong kinaiinisan niya.

“Muntik na niya akong sagasaan, Kuya, kung nagkataon nasa morgue na ako ngayon.”

“If I were a reckless driver, Felicity, baka nga iyon ang kaso ngayon. I’m sorry kung tinawag kitang tanga, hindi ko ’yun sinasadya.”

“Well damage has been done.” Nagtaas siya ng kilay, nakahalukipkip pa rin.

“Felicity, he said sorry.” Pinanlakihan siya ng mga mata ng kapatid.

“Eh, sa hindi ko siya magawang patawarin, and

please, puwedeng huwag 'yang *Legend* ang laruin n'yo? Ako ang tatapos niyan.”

Walang nagawa ang mga ito nang walang babala niyang kinuha ang bala niyon sa *PlayStation*. “Bye, guys!”

Ngayon lamang napagmasdang mabuti ni Felicity ang bagong kaibigan ng kuya niya. Matipuno pala ang mga braso nito't ma-muscles ang binti na kitang-kita sa shorts nito habang nagba-basketball kalaro ang kuya niya sa kanilang garahe.

“Hindi mo naman sinabi na macho pala at sobrang pogi ng aroganteng muntik nang bumangga sa 'yo, Felicity. Kung siya lang ang babangga sa akin, oh, my God, baka nagpasagasa na ako sa kanya para ma-feel ko kung paano makulong sa mga braso niya.” kinikilig na sabi ng best friend niyang si Keanna. Katulad niya ay graduating na rin ito sa high school. Nasa garment business ang pamilya nito.

Pinaikot niya ang mata sa sinabi ng kabigan. “Hello, mas hamak na mas macho si Edmun diyan, 'no,” sabi niya, ang tinutukoy ay ang anak ng dentista na umuokupa sa isang room sa building na pag-aari ng pamilya nila kung saan may clinic ang ama na

isang general physician.

“Yikes, parang nanlilimahid iyon pag naglalaro ng basketball, Felicity,” ani Keanna. Nangingilabot pa ito na parang diring-diri.

“Basta! Iyang Drey na ’yan, arogante na, wala pang galang sa babae.”

“Basta! Hindi siya katulad ni Drey, palaging mabango,” sabi pa nitong muling kinilig nang mapatingin sa banda ng lalaki.

“Bakit mo nasabing mabango? Nayakap mo na ba?”

“Hindi pa, pero malapit na.” Todo ang pa-cute ito nang mapadako ang paningin ni Drey sa banda nila.

Kumindat ang binata sa kaibigan niya at sobrang kinilig ito. Napasimangot siya, inikot ang mga mata.

“See that? He likes me, too, Felicity.” Halos tumili na ito sa kilig.

“May girlfriend na ’yan.”

“Sinisiraan mo lang siya.” Umingos ito.

“You ask him then. Nakita ko sila kagabi, naghahalikan sa loob ng kotse niya.” Hindi niya makalimutan ang nasaksihang iyon kagabi. Ewan

ba niya pero tila lalo siyang nainis sa lalaki dahil sa nakitang pakikipagtukaan nito sa babaeng iyon.

“You sure girlfriend niya ’yun?”

“Ipinakilala niyang girlfriend sa aming lahat noong kumain sila dito ng family niya.” Nagkibit-balikat siya.

“Sayang naman.” Tumingin ang kaibigan sa kanya. “Eh, bakit ganyan ka makatingin sa kanya?”

“Kanino?”

“Kay Drey. Felicity, I do believe you’re jealous.” Tinakpan niya ang bibig nito nang mapalakas ang boses nito.

“Ano ’yun, Keanna? May boyfriend na ba si Felicity?” pasigaw na tanong ng Kuya Mike niya.

Narinig yatang nagseselos siya, kung anu-ano na kaagad ang inisip. Nagsalubong ang paningin nila ni Drey.

Bakit parang bumilis ang tibok ng puso niya?

Pinanlakihan niya ng mga mata si Keanna, binabalaan ito. “Yes, Kuya Mike, he’s macho and super guwapo!” kinikilig na tili ng kaibigan na nakaalpas sa hawak niya.

Hinila na niya ang babae papasok sa bahay pagkatapos.

Naramdaman ni Felicity na may nakatingin sa kanya, paglingon niya ay isang titig na titig na Drey ang nakita niya. Agad na iniwas nito ang tingin sa legs niya nang mapatingin siya rito. Kasalukuyan siyang nagbabasa ng lifestyle magazine sa sala at naka-cross legs habang super iksi ang maong shorts na suot.

Pero imbis na itago ang makinis niyang mga hita ay lalo lamang niyang inihantad ang mga iyon dito. Bahala itong maglaway sa nakikita. “You looking for Kuya Mike?” she asked without looking at him.

Napapadalas ang pagpunta ni Drey sa bahay nila dahil kailan lamang ay nagsosyo ito at ang kapatid niya sa binuksang negosyo—computers and gadgets store.

Tapos ng BS Physics ang kuya niya at wala pang balak i-practice ang pinag-aralan nito. Pumayag naman ang mga magulang niya na magtayo ito ng business para may pagkaabalahan.

Si Drey ay nagtapos naman ng computer engineering, nagtrabaho ito sa isang IT company

sa Manila pero nag-resign pagkatapos lumipat ang pamilya nito sa Cavite. Pero naghahanap daw ito ng trabahong mas mataas ang sahod sa kasalukuyan. Pumayag ito na makipagsosyo sa kuya niya.

“Where is he?”

Natigil siya sa pag-iisip nang marinig ang boses ni Drey.

“Ang dinig ko na paalam niya kila Dad ay pupunta siya sa Manila para kausapin ang isang supplier n’yo.”

“Does he have another number? Hindi niya sinasagot ang cellphone niya.”

Nagkibit-balikat si Felicity. “Well, hindi lang pala ako ang hindi niya sinasagot ang tawag. Masanay ka na kay Kuya, hindi siya sumasagot ng mga tawag kapag may ginagawa. And as for your question, hindi ko alam kung may itinatago siyang ibang cell phone o number.”

Hindi pa rin ito umaalis sa kinatatayuan kahit dumaan na ang ilang sandali. “Hindi ko yata nakikita ang boyfriend mo?”

Tumingin siya rito na tila inaalam kung ito ang nagsalita. “What?”

“Your boyfriend, hindi mo yata dinadala dito para

ipakilala sa family mo.”

And where did he get that idea? “Saan mo naman napulot ang chismis na may boyfriend ako?”

“Isinigaw pa nga ng kaibigan mo last time na nandito siya.”

“Ano naman ngayon sa ’yo?”

Nagkibit-balikat ito. “Wala lang, naisip ko lang na mas angkop kung makikilala siya ng family mo.”

“Well darating din ako sa puntong ’yun. Ikaw, bakit hindi mo yata kasama iyong anorexic mong girlfriend?”

“Anorexic?” taas ang kilay na ulit nito sa sinabi niya.

“Sobra siyang payat, naisip ko lang na baka tinatangihan siya ng pagkain. So where is she?”

“She’s busy.”

Ibinalik niya ang atensyon sa binabasa bagaman hindi na maka-concentrate dahil tiyak niyang nakatingin ang binata sa kanya. At kailan pa siya na-conscious sa harap ng isang lalaki?

Pesteng Drey na ito, ah.

Lumabas mula sa sala ang mommy niya, naka-apron ito. Kapag ganoong naka-apron ang ginang ay siguradong may salo-salo o di kaya ay naglambing ang isa sa kanila na magluto ito. Ang pagbe-bake ang paborito nitong gawin. Mahilig din itong magluto ng mga bagong recipes na nakukuha nito sa mga cooking shows sa TV kapag wala sa *Montessori* na pag-aaririn nila.

Dating teacher ang mommy niya pero naka-focus na ngayon sa pagma-manage ng *Montessori School*.

“Mabuti’t narito ka, Baby, puwede ba kitang utusan?”

“Mom, I’m not a baby anymore.” Nag-init ang pisngi niya sa sinabi nito.

Please, Mom, not in front of Drey.

“Well, hindi ka pa dinaratnan kaya baby ka pa, Felicity.”

“What do you mean, Tita?”

Hindi niya alam kung may himig-panunukso sa boses ni Drey. Gusto na lang niyang bumuka ang lupa at lamunin siya.

At ang pakialamerong Drey na ito, nagawa pang mag-usyoso sa madaldal niyang mommy.

“Hindi pa nagme-menstruation ang aking bunso, Drey.” Kumindat pa ito sa binata.

“Mom! You’re not supposed to say that in front of other people lalo na sa isang lalaki.” Bumungisngis ang mommy niya.

Amused naman na nakatingin sa kanya si Drey.

“Pero, Tita Jen, ilang taon na po ba si Felicity? I thought fifteen na siya.”

“Yes, pero sadyang matagal sa lahi namin. Nakamana ’ata ang batang iyan sa akin. First year college na ako nagkaroon.”

Bakit ba nagkukuwento ng mga ganoong bagay ang mommy niya?

“Kaya pala...” nasambit ng binata, sa kanya nakatingin.

“What do you mean ‘kaya pala?’” Tinaasan niya ito ng kilay.

“Kaya pala maliit ang ...” Parang hindi nito maituloy ang sasabihin pero natakpan niya kaagad ang dibdib.

Nakita niyang si Drey naman ang namula, tila pahiyang-pahiya at gustong humingi ng dispensa

pero hindi alam kung kanino sasabihin iyon.

Gayon na lang ang naging pagtawa ng mommy niya, at dahil doon ay nawala ang tensyon sa hangin at nagtawa na rin lang si Drey.

Gusto niyang sugurin ang lalaki sa sinabi nito.

Bigla tuloy siyang na-insecure. Maliit ba talaga?

So ang type nito ay ang malaki ang hinaharap katulad ng sa girlfriend nito?

“Mom, stop laughing!” Saka siya tumingin kay Drey. “May araw ka rin sa akin.”

Ngunit ngumisi lang ito sa kanya, nagkaroon ng kakampi sa katauhan ng mommy niya.

“I’m sorry, Baby, hindi ko lang napigilan. Siyanga pala, utusan sana kitang bumili ng ilang ingredients, Hija, nagpapaluto kasi ang daddy mo ng lasagna.”

“Nasaan po si Lucing? Siya na lang po ang utusan n’yo,” tukoy niya sa kanilang kasambahay.

“Aba’y nagpaalam sa akin kung puwede siyang mag-day off, sinundo siya ng security guard niyang boyfriend at ipapakilala daw sa mga magulang.”

“Wala pong magda-drive sa akin, isinama po ni Kuya si Mang Kulas.”

“I’ll drive for you, hindi ba sa supermarket ka pupunta?”

Napatingin siya sa binata.

“Oh, thank you, Hijo. O, p’ano, may maghahatid na sa ’yo, Felicity.”

Hindi na siya nakatanggi.

Sa *SM* sila humantong. Okay palang alalay ang binata dahil pagkatapos nila sa supermarket ay nag-aya pa siyang maglakad-lakad. Nag-window shopping siya at kapag may natitipuhan ay binibili iyon at dito ipinapabitbit ang mga bags.

“Hmp, buti nga sa kanya,” bubulung-bulong na saad niya nang makitang hindi ito magkandaugaga sa mga dala-dala.

Naiinis siya sa mga babaeng tumitingin kay Drey at nagpapa-cute. At ang loke, tila nagugustuhan ang nakukuhang atensyon dahil ibinabalik nito sa mga babaeng iyon ang pilyong tingin, kumikindat pa.

“Puwede bang sa elevator na tayo dumaan? Kita mo naman ang bigat ng mga dala-dala ko,” reklamo nito nang mapatapat sila sa elevator.

“May bibilhin pa akong book sa bookstore, punta muna tayo d’un,” sabi niya, pero natigilan nang makitang kasalubong nila ang isang babaeng pamilyar sa kanya.

Ang girlfriend ni Drey.

Nang tingnan niya ang lalaki ay nakatingin din ito sa tinitingnan niya na tila gustong magtago. Umiral tuloy ang kapilyahan niya.

“Hi!” huli na para mapigilan siya ni Drey, nakalapit na siya sa babae.

“Oh, hi! Di ba ikaw iyong daughter ni Dr. Lopez?”

“Yeah, and I’m with my boyfriend...” sabay turo niya sa likuran niya, kay Drey.

Napanganga ito sa sinabi niya pero sandali lang iyon dahil galit na lumapit ang babae sa binata at nanlaki ang mga mata niya nang makitang sinampal nito si Drey. Marami ang nakasaksi niyon.

“Manloloko!” Dinuro nito si Drey, saka tinalikuran.

“Hey, calm down, Babe. Let me explain.” Hinabol nito ang babae, ngunit sa dami ng dala ay hindi na nito iyon naabutan.

Habang daan patungong elevator ay masama ang tingin ng lalaki sa kanya.

“Kasalanan mo ’to, Felicity. Bakit sinabi mo sa kanyang girlfriend kita?” Nanlilisik ang mga mata nito.

“Nagbibiro lang naman ako. Malay ko bang tigre pala iyon kung magalit?”

“Shut up!” singhal nito. Humabol siya nang papasok ito sa elevator.

“Bakit sa basement tayo pupunta, wala d’un ang kotse mo,” sabi niya nang makitang pinindot nito ang basement button ng elevator.

“I’m sure doon nag-park si Mel, pupuntahan ko siya,” sagot nito.

“Hindi mo ’ko ihahatid? Paano ang mga daladala mo?”

“Mag-isa kang umuwi, mag-commute ka. Wala na akong balak ihatid ka, Felicity, pagkatapos ng ginawa mong ito.”

“No, Drey, you can’t do this to me,” mangiyak-ngiyak na pahayag niya.

“Of course I can,” sarkastiko nitong sagot.

“Miss, may dugo ka,” sabi sa kanya ng isang lalaki na nasa likuran niya.

“What?” kinakabahang tanong niya. Base sa makinis na dingding ng elevator ay nakita niya ang sinasabi ng estranghero. Gayon na lang ang panlalaki ng mga mata niya. Sigurado siyang hindi iyon galing sa mantsa ng kung ano dahil tiyak niyang hindi naman siya umupo mula kanina. Speaking of dugo, iyon ang topic kanina sa usapan ng mommy niya at ni Drey.

“Ano ’yan? Dugo?” Napatingin na rin ang binata.

“Naku, Mister, dalhin mo na siya sa hospital, dinudugo ang nobya mo,” sabat naman ng isang babae.

Napanganga si Drey sa sinabing iyon ng matanda.

Bumukas ang elevator sa basement, tila nagdalawang-isip ang binata kung lalabas o hindi.

“Don’t leave me, Drey, ihahatid mo ’ko...” may babalang sabi niya.

Pero nang makita nito ang girlfriend sa di-kalayuan ay tinawag nito ang babae. Lumingon ang huli ngunit dumerecho lang sa paglakad. Ibinigay ng binata sa kanya ang mga dala-dala at lumabas ng elevator. Huli na para tawagin niya ito, sumara na ang pinto.

You Were Meant For Me - Christine Acance

Napaiyak siya sa matinding frustration!

2

Buong gabi at buong araw kinabukasan ay nagkulong siya sa kanyang kuwarto, masamang-masama ang loob niya sa ginawa sa kanya ni Drey.

How could he choose that woman over her? Wala itong awa. Galit siya sa lalaking iyon.

Ngayon pa lang siya napahiya ng ganito sa buong buhay niya, sa ginawa nito ay tiniis niya ang mapanuksong tingin ng mga tao, hindi niya matakpan ang likuran dahil sa dami ng kanyang dala-dala, tiniis niya ang kahihyan.

Naisipan niyang tawagan ang daddy niya at dito siya nagpasundo. Hindi nag-usisa ang ama sa pananahimik niya.

Hinding-hindi niya makakalimutan ang ginawa ni Drey sa kanya.

May kumatok sa pinto, hindi siya nagsalita, isinubsob lang ang ulo sa unan.

Ilang sandali pa ay natigil ang pagkatok. Sa pag-aakalang umalis na ang sinumang nasa labas ay bumangon siya, ngunit gayon na lang ang pagsikdo

ng galit niya nang makitang binuksan na ni Drey ang pinto at nakatayo ito sa bukana ng silid niya.

“You bastard, get out of here, get out!” Pinagbabato niya ito ng mga stuffed toy na nasa kama niya.

“Felicity, calm down.”

Ngunit sige siya sa pagbato rito, nang maubos pati unang nasa kama niya ay sinugod niya ito at pinagsusuntok sa dibdib.

“Walanghiya ka!” Pilit nitong hinuhuli ang mga kamay niya, pero desidido siyang makaganti sa ginawa nito sa kanya.

“I’m sorry, okay? I tried to find you pero hindi na kita nakita.”

“You bastard! I hate you, Drey, I hate you so much. Ayaw na kitang makita.” Lalo niya itong pinagbabayo sa dibdib.

Pero nanlaki ang mga mata niya nang maramdaman ang mga labi nito sa bibig niya. Isang torrid kiss ang ibinigay nito sa kanya.

And it was her first kiss.

Nagkaroon na siya ng dalawang boyfriend pero halik lang sa pisngi ang pinahintulutan niyang gawin

ng mga iyon.

Pero bakit ganoon? Ang halik ni Drey ay magaan sa pakiramdam na tila siya idinuduyan. Tama nga ang sinabi sa kanya ni Keanna, masarap nga pala talaga ang first kiss.

Pero hindi sa kanyang mortal na kaaway...

Lalo siyang nanlumo ng pabalya siyang ilayo nito, napahiya siya sa sarili.

“I’m sorry. I didn’t mean to do that,” sabi nito, tumalikod sa kanya.

Humihingi ito ng tawad dahil sa paghalik sa kanya.

Again, stupid of her...

Siyempre hindi nito iyon sinadya, bakit naman nito gagawin iyon in the first place, wala naman silang relasyon?

“Go away,” walang lakas na utos niya.

“I’m sorry, Felicity, I really am.” Tumalikod na ito.

Ibinagsak niya pasara ang pinto.

Nakita ni Felicity na nasa terrace ang Kuya Mike

niya at si Drey. May hawak na gitara ang huli at sabay na kumakanta ang mga ito. Natigil si Drey sa pagtipa ng gitara nang makita siya.

“Sis, tumawag kanina si Edmun, hinahanap ka. Ano mo ba ’yung mayabang na varsity player na ’yun?”

Hindi siya sumagot, tuluy-tuloy lang sa paglakad.

“Ano’ng nangyari d’un?” narinig niyang sabi nito.

Nararamdaman niyang hatid siya ng tanaw ng malagkit na tingin ni Drey.

Kinagabihan ay sinabi ng mommy niya na darating daw ang pamilya Hinares, at siyempre kasama si Drey, para sa barbecue party.

Mula nang lumipat ang mga Hinares sa katapat na bahay ay naging magkaibigang matalik na ang mommy niya at ang ina ni Drey. Palaging magkausap ang mga ito sa telepono at kapag weekends ay sabay pang nagpapa-parlor at nagpupunta sa spa.

Hinawi niya nang bahagya ang kurtina sa sala nang marinig ang pamilyar na ugong ng kotse ni Drey. Nakita niyang pumarada ang sasakyan sa katapat na bahay, bumaba si Drey mula sa driver’s seat at lumipat sa tabi ng passenger seat para pagbuksan

ang girlfriend nito.

So, palabas lamang pala ng babae ang sampalan blues sa elevator. Nag-inarte lamang pala ito at idinamay pa siya.

Nanggigigil na muli siyang bumalik sa kanyang silid at nahiga sa kama, mayamaya ay kinuha ang cordless phone na nasa lamp table.

“Hello, puwede po ba kay Edmun?” sabi niya sa sumagot sa kabilang linya.

Naghintay siya nang ilang saglit bago narinig ang boses ng lalaki. Nag-aaral ito sa isang private school malapit din sa school nila.

“Hi, Edmun, puwede ka bang anyayahan na pumunta dito sa bahay namin? May barbecue party dito ngayon. Yes, ngayon na, dalhin mo na lang ang motorbike mo para mabilis kang makarating.”

Mabilis siyang nagbihis, isang slim fit shirt ang napili niyang isuot katerno ng isang maiksing maong na palda.

Nagtataakang tingin ang iginawad sa kanya ng ina nang magpakita siya sa garden. “Akala ko ba ayaw mong bumaba at may tinatapos kang assignment?”

Tumingin siya kay Drey na nakatingin din pala sa

kanya, katabi nito ang girlfriend. Inirapan niya ang binata. “Tapos na po ’yung assignment ko, Mom,” sabi niya bago lumapit kina Mr. and Mrs. Hinares at nagbigay-galang sa mga ito.

“Naku, napakaganda naman nitong si Felicity, Kumpadre.” Si Mrs. Hinares iyon.

“Siyempre, kanino pa magmamana kundi sa maganda rin niyang mommy.”

“Siguro’y magdodoktor din siya tulad mo.”

Umiling-iling ang daddy niyang umakbay sa kanya. “Ang s’abi niya sa ami’y mag-nu-nurse daw siya para sa America makapagtrabaho.”

“Ay, gan’un ba? Good for you, Hija, in demand ang nurses ngayon kahit saan. At madali mo lang matutupad ang pangarap mo dahil nakailang balik ka din sa America.” Dinig na dinig iyon ni Drey na malapit lang.

Nakita niyang paparating si Edmun sa kanila, lumapit ang binata sa mommy niya at humalik dito. Kilala na nito ang mga magulang niya dahil kaibigan din nila ang pamilya nito.

“Edmun, Hijo.” Kinamayan ito ng daddy niya. “Sana’y isinama mo ang parents mo at nang nakapag-

bonding naman kami.”

“Lumuwas po ng Manila sina Mom at Dad kaya ako lang po ang nandito, inimitahan po ako ni Felicity.”

“Boyfriend ka ba nitong si Felicity, Hijo?” tanong ng mommy ni Drey.

Tumingin sa kanya si Edmun, napadako naman ang tingin niya kay Drey, nagsalubong ang mga mata nila.

“Naku, hindi ho, magkaibigan lang kami ni Felicity,” sagot ng binata.

Inakbayan ito ng daddy niya. “Mag-aral muna kayo, ang babata n’yo pa.”

“Siyempre naman, Dad,” sang-ayon niya.

Nang maiba ang usapan ng mga oldies ay sumimple si Felicity na lumapit kay Edmun, sadyang ipinakita niya ang closeness sa binata para ipamukha iyon kay Drey.

Ang akala yata ng lalaki ay ito lang ang may karapatang makipaglandian.

Puwes, kaya din niya, ’no!

Nagsimula silang kumain at lalong nagkasayahan,

halos hindi mapaghiwalay si Drey at ang girlfriend nito, kaya lalo lang siyang nainis.

Ewan kung bakit niya iyon nararamdaman, minabuti na lamang niya na kumuha ng tubig sa kusina, nang sa gayon ay mabawasan ang sama ng loob niya.

Nagdahilan na lamang siya kay Edmun. “I’ll just get some water in the kitchen. Hindi ko gusto ’yung juice, eh.” Papaalalahanan na rin niya ang katulong na mag-serve ng tubig sa guests nila.

Nang maisara niya ang fridge ay gayon na lamang ang gulat niya nang si Drey ang maatasan niya, hindi tuloy siya makadaan. Pumihit siya para humarap dito.

“So, is he your boyfriend?” anito, titig na titig sa kanya.

Pero sinalubong niya iyon nang taas-noo. “What is it to you?”

“Alam ba niya na nakikipaghalikan sa iba ang girlfriend niya?”

“And how about you, alam ba ng girlfriend mo na nakikipaghalikan sa iba ang boyfriend niya?” balik-tanong niya.

Hindi nito pinansin ang pasaring niya. “Ang mga kakilala kong kaedad mo ay puro pag-aaral ang inaatupag.”

Pero imbis na mainsulto ay nagmalaki pa siya. “Ano’ng magagawa ko, eh, sa maganda ako. Umalis ka nga sa dadaanan ko.”

Ngumisi ang binata. “Paano kung ayoko? Ikaw na ang nagsabi, maganda ka. And I have this strong urge to kiss you right now, right here...”

Nakita niya kung paano tumaas-baba ang Adam’s apple nito habang nakatingin sa mga labi niya.

Napalunok si Felicity. “Dad’s gonna kill you—”

“I don’t care!” At ibinaba na nito ang mukha para hagipin ang mga labi niya.

Ramdam niya na binibigyan pa siya nito ng pagkakataong tumanggi sa ginagawang banayad na paghalik, but she wanted his kiss. She was longing to be kissed by him again, since he introduced to her what it felt like. Ngayon ay hinahanap-hanap na iyon ng sistema niya.

“Guys!” Biglang lumayo si Drey sa kanya nang marinig nila ang sigaw ng papalapit na si Mike.

Naabutan ni Felicity si Drey sa sala ng bahay nila. Bakit kaya naroon ito ng ganoon kaaga? Isa pa, dapat ay nasa shop na ito nang oras na iyon, kasama ang kuya niya na kanina pa nakaalis.

“Nasaan po si Mang Kulas?” tanong niya sa ina, magpapatulong sana siya sa driver nila sa kanyang mga dala-dalang school projects.

“Sumama sa daddy mo sa Bacoor, mamayang hapon pa ang balik nila, si Drey muna ang maghahatid sa 'yo.”

Bigla siyang napatingin ulit kay Drey. “Okay lang sa 'yo?”

Tumango ito. “Tinawagan ako ni Mike kung puwedeng ako na lang daw muna ang maghatid sa 'yo dahil siya ang kausap n'ung kliyente na papunta sa shop ngayon.”

Napatango siya. “Aalis na po kami,” paalam niya sa mommy niya.

“Mag-ingat kayo,” tanging sabi nito.

Wala silang imikan habang daan, nakikita niya sa sulok ng mata niya na pasulyap-sulyap ito sa kanya pero hindi lang niya mahuli dahil agad ding umiiwas ng tingin.

Ano ba'ng problema ng lalaking ito?

Agad niyang kinuha ang mga gamit nang huminto sila sa tapat ng school niya.

“Felicity.” Pinigil nito ang braso niya bago pa siya makalabas at walang anu-anong hinalikan siya sa bibig.

Smack lamang iyon pero nakapaghatid pa rin ng masarap na kilabot kay Felicity.

Namimihasa na yata ito sa paghalik sa kanya.

Pagdating ng hapon ay nagulat siya nang mabasa ang text message sa kanya ni Drey, naghihintay raw ito sa labas ng school niya.

Paglabas niya ay binuksan nito ang passenger door habang nakaupo sa driver's seat. “Get in!”

“Bakit ikaw ang sumundo sa akin?”

“Bakit, ayaw mo?”

She didn't know what to say, nagugulat siya sa mga ikinikilos ng binata.

“Drey?” Ngunit hindi ito kumibo, natatakot tuloy siyang magsalita, ayaw niya ng mga seryosong usapan. Umuurong ang dila niya. “Bakit mo ako hinahalikan?”

Napabilis ang pagmamaneho nito at napakapit si Felicity.

“Honestly, hindi ko rin alam kung bakit ko ’yun ginagawa, nararamdaman ko lang na gusto kitang halikan. Just tell me kung ayaw mo and I will stop kissing you.”

Napalunok si Felicity. Ayaw nga ba niya?

“Ano, ayaw mo bang hinahalikan kita?”

“Damn you, Drey!” singhal niya.

Ngumisi ito at sa panggigilalas ni Felicity ay pasadsad na itinigil nito ang kotse sa tabi at walang babalang hinagilap ang labi niya at saka siya muling inulaol ng halik.

Kakaiba ngayon dahil malalim iyon.

Lalo pang lumalim ang halik nito, pati ang dila niya’y pilit na ring sinasaliksik nito at madali siyang natuto, ginaya niya ang ginawa ng lalaki.

“I like that,” nakangiting anas nito and for the first time mula nang makilala niya ito ay ngayon lamang niya itong nakitang ngumiti sa kanya nang hindi painsulto, nang walang pagbabalat-kayo. Pamatay pala ang ngiti nito.

“So what do we mean to each other now?”

“What are you saying?” nakakunot-noong tanong ng lalaki.

“You kiss me all the time. You kiss me this intensely. Wala kang itatawag doon? For all I know, ginagawa lang iyon ng magnobyoy.”

Ang lakas ng naging tawa nito. “So, iniisip mo na may relasyon tayo?”

Napahiya siya sa sinabi nito. “So wala?”

“You’re only fifteen, Felicity, six years ang age gap natin—”

“Drive!”

“Felicity—”

“I said drive!”

“I don’t like to be a nurse anymore, Dad.” Hindi naituloy ni Drey ang balak na pagpapakita sa pamilya nang marinig ang boses ni Felicity.

“But I thought that’s your ultimate dream, you even told your Auntie Tessa na sa kanila ka titira kapag nagtrabaho ka sa America,” narinig niyang

sabi ni Dr. Al Lopez.

“I’m not sure, Dad.”

“Sa ugali ni Felicity, Mommy, Daddy, walang tatagal na pasyente sa kanya, baka imbis na gumaling ang aalagaan niya ay lalo lang makunsumi sa kaartehan niya. She’s not fit to be a nurse,” sabat ni Mike.

“I want to take up Advertising,” deklara ng dalaga. “At sa Manila ako mag-aaral, Mom.”

“Well, kaysa naman i-force ka namin sa isang kurso na ayaw mo.” Si Dr. Lopez.

“Tamang-tama, magpasama ka kay Drey, luluwas siya ng Maynila, asikasuhin mo ang mga entrance exams at requirements mo para makapag-enroll,” anang mommy ni Felicity.

“Bakit po siya pupunta ng Manila?” narinig niyang tanong ni Felicity.

“Ipa-follow up daw iyong requirements niya para sa pagtatrabaho niya sa Australia.”

“Pupunta siya ng Australia?”

“Yes, may maganda daw offer sa kanya ang isang malaking kompanya doon, maganda ang salary at

benefits. Ano, kailan ka luluwas ng Maynila, Hija? Para masabihan ko si Drey.”

“Ayoko pong sumama kay Drey, Mommy.”

“Ayaw mo kasi hindi ka makakagawa ng kapilyahan pag siya ang kasama mo,” patutsada ni Mike.

“I just don’t like that arrogant friend of yours.”

Bago pa makapagsalitang muli si Mike ay pumasok na siya sa sala ng mga ito.

“Hi, everybody!”

“Speaking of the devil...” sabi ni Mike. “Umupo ka, Pare. Ikaw ang pinag-uusapan namin.”

“At ano naman ang latest chismis kay Drey the Great?”

“Pinag-uusapan namin ang nalalapit na pagpunta mo sa Australia, Brod. Matutuloy na ba?”

“Yeah, it’s a two-year contract, at medyo matagal-tagal bago tayo magkita-kita muli.” Saglit na nagsalubong ang mga paningin nila ni Felicity.

“Good luck, Hijo.” Si Mr. Lopez. “Sana’y sa pagbalik mo sa Pilipinas ay may Australian girlfriend ka na o di kaya’y asawa.”

“Naku, asahan n’yo po, Tito. Kapag nagkagan’un, agad ko siyang ipapakilala sa inyo.”

Nakita niyang nagbaba ng tingin si Felicity.

Nagulat si Felicity nang mapagbuksan ng pinto ng kanyang kuwarto si Drey.

“Puwede ba akong pumasok?” tanong nito.

Dalawang linggo na rin mula nang huli niya itong makita, nang mga panahong iyon ay naging busy siya sa mga entrance exams at ito naman ay busy sa pagpa-follow up sa mga papeles nito sa nalalapit nitong pag-alis.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” nagtataakang tanong niya. Inaamin niya, na-miss niya ang binata. Inilapat niya ang pinto nang makapasok ito.

“I came here to give you this.” Iniabot nito sa kanya ang isang kahita, kinuha naman niya iyon ngunit tinitigan lang.

Hinuli nito ang kamay niya at ito ang nagbukas ng kahita, tumambad sa kanya ang isang singsing na may batong ruby.

Isinuot nito ang singsing sa ring finger niya,

napakainit ng kamay nitong humaplos sa balat niya. “Nang makita ko ito, ikaw kaagad ang naisip ko. And I was right. Bagay na bagay nga sa ’yo. Sa muli nating pagkikita, kaya na kitang bigyan ng mas mamahaling singsing. Pero gagawin ko lang iyon kung wala ka pang nobyo sa panahong iyon.”

Ano’ng ibig nitong sabihin?

“Kapag graduate na ako ng college, puwede mo na akong ligawan?”

Pinisil lang nito ang tungki ng ilong niya.

Napanguso si Felicity. “Why do you have to go, Drey?”

“May kailangan akong patunayan sa sarili ko, Felicity. At gusto kong maalala kang nakangiti bago ako umalis.”

“I’ll wait for you,” pangako niya.

Hinalikan nito ang buhok niya, tumingala si Felicity para salubungin ang mga labi nito, at hindi siya binigo ni Drey.

She would never forget this kiss.

She was truly going to miss her Drey.

3

Naisandal ni Felicity ang pagal na katawan sa swivel chair ng kanyang opisina, bahagyang pumikit at hinilot ang batok.

Nasa ganoon siyang ayos nang mapasukan siya ni Gary. Walong buwan na niya itong nobyo.

“Babe?”

“Hmm?” nakapikit pa ring sabi niya, hindi kumilos.

“You okay?”

“Yeah, I’m just tired.” Naramdaman niyang lumapit sa kanya ang nobyo. Minasahe nito ang batok niya.

“That feels so nice...”

Mayamaya pa ay naglikot na ang mga kamay nito.

“Gary...” May babala sa boses niya. Tumuwid siya ng upo at iminulat ang mga mata.

“Okay.” Itinaas nito ang mga kamay at saka umupo sa upuang nasa harapan niya.

“Nakausap mo na si Mrs. Delfin?” tanong nito. General manager si Gary ng advertising company na pinapasukan niya.

Dito na sila nagkakilala. Halos two years na siyang nagtatrabaho roon. Niligawan siya nito at sinagot niya ang binata after three months of courtship.

Napangiti siya. “Yeah, sa akin pa rin ibinigay ang susunod na fashion event.”

Natutuwang hinawakan nito ang kamay niya. “I know you can do it, Babe. This calls for a celebration. My treat.”

“Pero I have a meeting mamayang seven thirty sa *Shangri-La*.”

“Tungkol ba ’yan d’un sa one-month episode na ipo-produce mo?”

“Yeah, itinuloy ko na, maganda ang kita doon, almost fifty percent ang bumalik sa aking komisyon last time.”

“But I think you need a break, Babe. I can give you a long vacation. Sabihin mo lang, kakausapin ko si Uncle Martin.” Ang tinutukoy nito ay ang may-ari ng advertising agency at tiyuhin nito.

Kahit ganoon ay hindi siya kailanman humingi

ng pabor dito para marating niya ang kasalukuyang posisyon.

Sa edad na beinte tres ay may kasanayan na siya sa mundo ng advertising.

“O, kahit sa Cavite lang? Sa pagkakaalam ko, six months mo nang hindi nabibisita ang family mo.”

Natigilan si Felicity, kinukulit na nga siya ng mga magulang niyang umuwi para sa silver wedding anniversary ng mga ito.

“I’ll let you know, okay? Malapit na nga ang wedding anniversary nina Mom at Dad.”

“Isasama mo ba ako?” biro nito. “Baka naman puwede ko na silang makilala? Pero kung ayaw mo, okay lang naman sa akin,” nakatawa nitong dugtong.

Ngumiti lang siya sa nobyo. Nag-ring ang cellphone niya; nakita niya sa screen ang pangalan ni Keanna. Sa call center nagtatrabaho ang kaibigan.

“Hello, Keanna.” Ini-loud speaker mode niya iyon para marinig din ni Gary. Kaibigan na rin nito ang boyfriend niya lalo’t madalas na isama niya ang best friend sa mga lakad nila ng nobyo.

“Congrats, Friend, labas tayo mamaya. Treat ko.” Nag-text siya rito earlier tungkol sa na-close na

kontrata kay Mrs. Delfin.

“Sure, Keanna, pero around ten this evening, ha? Okay lang ba sa 'yo?”

“Sama ako diyan, Keanna,” ungot ng nobyo.

“It's gonna be your treat then,” biro ni Keanna.

Umungol si Gary. “Kasasabi mo lang na treat mo. I heard you loud and clear, Keanna.”

Tumawa ang babae. “Okay, okay! Kita tayo sa *The Fort*.”

Pinagmamasdan ni Felicity sina Gary at Keanna habang nagsasayaw. Maharot ang tugtugin at game na game ang mga ito. Keanna was wild at ganoon din ang nobyo niya, pero walang makapang selos si Felicity. Compatible din ang dalawa sa halos lahat ng bagay, bagaman tila aso at pusa kung magbangayan minsan. Pero agad ding nagbabati ang mga ito bago maghiwalay.

Sa mga out of town trips niya or pag-hang out ay palaging kasama niya ang mga ito at naging malapit na rin dahil nga madalas na magkasama.

“Hi, Felicity.” Nalingunan niya si Danny,

kasamahan din nila sa trabaho.

“Hi, Danny.” Kumuha siya ng sigarilyo ng ialok nito sa kanya ang hawak na kaha.

Hindi naman siya chain smoker, tumitikim lang siya kapag tensyonado o kapag may malalim na iniisip. Nagkibit-balikat siya at nagsindi niyon.

“Bakit naman mag-isa ka lang dito, samantalang si Gary ay bigay na bigay sa kasasayaw kasama ng best friend mo?” May naulinigan siyang kakaiba sa boses nito pero hindi na lamang siya nagsalita.

Kilala niya ito, matinik ito sa mga chicks, sa mga kasama nga nila sa trabaho ay hindi na mabilang ang naging ex nito. Pakiramdam nga niya pati siya ay gusto pang patusin ng chickboy na kaopisina. Pero hindi ito uubra sa kanya.

“Hindi ka ba nagseselos? Dikit na dikit sila, o.” Ininguso nito ang dalawa.

Nagtataka nga rin siya sa sarili niya, pero siya na rin ang sumagot sa sarili niyang tanong. Iyon ay dahil pareho niyang kilala ang mga ito at may tiwala siya sa dalawa.

“I’m not jealous, Danny. Ikaw, baka magselos ang girlfriend mo pag nakitang magkausap tayo.”

“Wala akong girlfriend.” Nagpapungay pa ito ng mga mata.

Pinaikot niya lang ang mga mata.

Tumawa ito. “So congrats, I heard nakapag-close ka na naman ng deal, bigatin ka na talaga.”

Pero nawala sa sinasabi nito ang atensyon niya nang makita ang isang magkapareha na di-kalayuan sa kanila. Maraming nakapalibot sa mga ito, siguro’y kasamahan din pero iyong iba ay nagpapa-picture pa at nagpapa-autograph sa matangkad at seksing babaeng kaabrisete ng lalaking pamilyar sa kanya.

Nagsalubong ang mga kilay niya, bagay na napansin ni Danny. Tumingin ito sa tinitingnan niya. “That’s Sam Pierce, a supermodel. Hindi nakapagtata kang nakilala siya ng mga tao kahit parang nag-effort talaga siyang mag-disguise.”

Of course, kilala niya kung sino iyong babaeng pinagkakaguluhan. Ilang beses na niyang nakadaupang-palad at nakasama ito sa events.

“And the guy she’s with?”

“Kung hindi ako nagkakamali, boyfriend niya. Parang nabasa ko sa isang magazine na colleague ng tatay niyang foreigner ang lalaking ’yan sa isang

computer manufacturing business. Wala pa siyang treinta.”

So hindi siya dinadaya ng paningin niya. Si Drey Hinares nga ang nakikita niya.

Noon pa man ay matangkad na ito at makisig, ngunit lalo na ngayon. Nangingibabaw ito sa lahat ng lalaking naroon, alaga din siguro sa workout ang katawan nito.

Ang two-year contract ni Drey sa ibang bansa ay na-extend nang na-extend. Narinig na niya mula sa mga magulang ang pag-uwi nito sa Pilipinas para mag-ayos ng papeles. Pero kailanman ay hindi sila nagpang-abot nito.

Noong unang beses itong umuwi, inisip niyang hindi ito nagpakita sa kanya dahil hindi pa siya tapos ng college. Pero nang sunod na uwi nito na may trabaho na siya’t lahat at tila hindi pa rin siya naalala, naisip niyang baka siya na lang ang nanghahawak sa pangako nito.

Mukhang nakalimutan na ng binata ang usapan nila. Kaya minabuti niyang kalimutan na rin lang ang tungkol dito.

Two years ago pa ay sa Pilipinas na ito naka-base sa trabaho. Sa mga pagkakataong umuuwi siya ng

Cavite ay hindi niya ito nakikita. Kuwento ng Kuya Mike niya ay madalas daw out of town ang mga projects ni Drey kaya sa Manila umano ito nakatira.

Sinundan niya ang mga ito ng tingin nang magsayaw ang magkapareha. Umiindayog ang balakang ng nobya nito habang sumusunod sa bawat galaw nito ang binata. Ang mga kababaihan ay kay Drey natuon ang atensyon. Naging magaslaw ang dalawa na naroon halos magtukaan na sa harap ng maraming tao.

Sa inis niya ay bigla niyang tinapos ang hinihithit na sigarilyo at tinungga ang laman ng kanyang baso.

“Hey, take it easy!” natatawang sabi ni Danny na nakatingin sa ginawa niya.

“Care to dance?”

“Akala ko ba ayaw mong sumayaw?”

“Well, I’m suddenly in the mood.”

At dahil may tama na rin dahil sa apat na shot na naubos niya, idagdag pa ang atmosphere ng lugar at ang tugtog na wild ang tema, naging magaslaw na rin ang kilos ni Felicity. Game na game naman si Danny sa pagsayaw.

Nang tumingin siya sa kanilang katabi ay ang

nagbabagang tingin ni Drey ang nasalubong niya. Siguro’y nakilala na rin siya nito. Ang babaeng kung ituring nito noon ay isang bata, hahalikan kung kailan nito gusto at pag-iisipin nang malalim, pagkatapos ay basta na lang iiwan.

Kinagat-kagat niya ang labi habang nakatingin kay Drey. Nang bahagyang dumako ang mga kamay ni Danny sa pang-upo niya at tapikin iyon ay gusto niyang suntukin ito pero dahil nakatingin si Drey ay binalewala niya.

“Hey, may I dance with my girlfriend?” sabi ni Gary kay Danny at dahil malakas ang tugtugin ay malakas ang boses nito.

Nag-change partners sila, si Keanna na ngayon ang kasayaw ni Danny. Sa baywang ng nobyo niya inilagay ang mga kamay at buong indayog siyang sumabay sa tugtog. Nagsipulan ang mga kalalakihang nagsisitingin na sa kanila.

Kitang-kita niya ang paniningkit ng mga mata ni Drey habang nakatingin sa kanya na ngayon ay center of attraction na. Wala siyang pakialam sa iniisip nito. Lalo pa niyang inigihan ang pag-indak.

Basta na lang nitong inakay ang kasayaw nito hanggang sa mawala ang mga ito sa paningin niya.

You Were Meant For Me - Christine Acance

Nakadama siya ng paghihimagsik. “Let’s go, gusto ko nang umuwi.”

Nagtataka man ay sinunod pa rin siya ni Gary.